REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
Meralco Avenue, Pasig, Metro Manila

OFFICE OF THE SECRETARY

Hulyo 1, 1999

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 278, s. 1999

PILIPINAS, PERLAS NG SILANGAN TAPE COLLECTION

Para sa mga: Direktor Panrehiyon
Punong Tagamasid
Punong-Guro ng Pang-Elementarya at Sekundaryang Paaralan

1. Kaugnay ng pagdiriwang ng bansa sa ika-100 taon ng kalayaan, ang Able Music International, Inc., ay naglunsad ng espesyal na proyekto, ang Pilipinas, Perlas ng Silangan – isang 2 CD/Tape na koleksyon ng mga makabayang awitin, tula at salaysay.

2. Ang nasabing CD-tape ay binuo at sinuportahan ng mga opisyal at komentarista sa bansa sa pangunguna ni Kalihim Orly Mercado, Gov. Roberto Pagdanganan, Dr. Ponciano Pineda, Rey Langit (DWIZ), Kuya Cesar Nocum (DZMM), Andy Verde (DZRH), at Vic Morales (DWWW). Ito rin ay tinatampukan ng mga sikat na mang-aawit tulad ni Diomedes Maturan, Pilita Corales, Li-An de Leon, Liezl Salgado, AFP Bands, at iba pa.

3. Ang koleksyong awitin ay ang mga sumusunod: Lupang Hinirang, Centennial March, Kundiman ni Rizal, Halina, Pilipinas Kong Mahal, Jocelynang Baliwag, AFP March, La Bella Filipina, Bayan Ko at Sampaguita. Ang mga tula naman ay binubuo ng mga sumusunod: Pag-ibig sa Tinubuang Lupa, Sa Kabataang Pilipino, Kadakilaan, Panatang Makabayan, Ulirang Pilipino, Sa Dakong Sikatan, Kasipagan, Panunumpa sa Watawat, Sa Kaarawan mo Inang Bayan, at Pilipino, Isang Depinisyon.

4. Inaanyayahan ang lahat na makipagtulungan sa pagsusulong ng mga awitin at kulturang Pilipino.

5. Hinihiling ang maaga at malawak na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Andrew Gonzalez
ANDREW GONZALEZ, FSC
Kalihim

Sanggunian: Wala
Pamumudmod: 1-3--(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talantuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
TAPE COLLECTION